Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 18 NOBYEMBRE 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Baticos -
Kagawad Ferdinand V. Talens
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Ramilfo C. Bernal
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN BLG. 124
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT AT PAGKILALA SA SAN MARIANO INSTITUTE OF SCIENCE AND TECHNOLOGY, SAN MARIANO, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang pribadong institusyon na bagama't malayo sa Poblacion na kung saan dinaraos ang mga pambayang gawain ay lagi silang handang makilahok;

SAPAGKA'T sa maraming panahon at pagkakataon, ang institusyon ay laging naglalaan ng panahon at atensyon, maging ito man ay pribado o pampublikong gawain;

SAPAGKA'T ang San Mariano Institute of Science and Technology, dating San Mariano Academy sa pamumuan ni Gng. Elizabeth A. Yap, ay laging handang gumugol ng salapi at panahon, kasama ang mga mag-aaral, ang mga magulang at sa pakiki-pagtulungan ng mga guro dito upang makibahagi sa mga sibiko, sosyal at pangrelihiyong gawain;

SAPAGKA'T kapansin-pansin ang ipinakikitang suporta at disiplina ng mga guro at mga mag-aaral na kung saan ang diwa ng pagka-maginoo at paghibigay ay laging inilaan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito, ang mga namamuno at ang mga kawani ay lubos na nagpapahayag ng tauspusong pasasalamat at pagkilala sa nabanggit na institusyon.

DAHIL DITO sa mungkahi ni Kagawad Ramil O. Dimapilis na pinangalawahan ni Kagawad Eduardo G. Villamin -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na padalhan ng sipi si Gng. Elizabeth A. Yap, Punong Guro at Registrar ng San Mariano Institute of Science and Technology, San Mariano, Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi si Gng. Editha C. Erorita, Tagapamahala ng institusyon at G. Hernan C. Erorita, Pinuno ng Technical and Vocational Department para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 18 Nobyembre 1996

Tekstp inihanda ni Kagawad Ramil O. Dimapilis.

- -

PINATUTUNAYANG WASTO:

[illegible] F. FAINA
Records Officer I/
Acting Secretary to the SB

PINATITIBAYAN:

JESUS M. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

GELACIO I. YASON
Punong Bayan

mera/